Mensahe Lima

## Ang Dibinong Pamamahagi ng Dibinong Trinidad na Inihayag sa Aklat ng Efeso

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 1:3-14; 2:18; 3:16-19; 4:4-6; 5:19-20; 6:10-11, 17

**I. Ang pahayag hinggil sa Tres-unong Diyos sa banal na Salita ay hindi para sa pandoktrinang pagkaunawa kundi para sa pamamahagi ng Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan para sa kanilang karanasan at katamasahan—2 Cor. 13:14:**

A. Inihahayag ng Biblia na ang Tres-unong Diyos ay hindi lamang ang tuon ng ating pananampalataya; Siya ay subhektibo sa atin, nananahan sa atin at ipinamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin upang maging ating buhay at panustos-buhay—Roma 8:2, 6, 10-11.

B. Ang Biblia ay isinulat ayon sa namamahalang prinsipyo ng Tres-unong Diyos na isinasagawa ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan bilang kanilang buhay at panustos-buhay—Awit 36:8-9.

**II. Ang Dibinong Trinidad ay ang balangkas ng buong Biblia; ang buong Biblia, lalo na ang aklat ng Efeso, ay binuo gamit ang Dibinong Trinidad:**

A. Ang Efeso ang tanging aklat sa Biblia kung saan bawat kapitulo ay binubuo ng Dibinong Trinidad bilang pangunahing elemento nito.

B. Kung hindi natin kilala ang Tres-unong Diyos, hindi natin mauunawaan ang kalaliman ng Efeso, sapagkat bawat kapitulo ng aklat na ito ay taglay ang Dibinong Trinidad bilang balangkas nito—1:3-14; 2:18; 3:16-17a; 4:4-6; 5:19-20; 6:10-11, 17.

**III. Ang buong pahayag sa Efeso hinggil sa pagbubunga, pag-iral, paglago, pagtatayo, at pakikipagbaka ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo ay binubuo ng dibinong ekonomiya at ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad tungo sa mga sangkap ng Katawan ni Kristo; sa gayon, ang mahalagang pokus ng Efeso ay ang dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad tungo sa mga mananampalataya:**

A. Inihahayag ng kapitulo 1 kung paano pinili at itinalaga nang una pa ng Diyos Ama ang mga sangkap sa kawalang-hanggan, tinubos sila ng Diyos Anak, at tinatakan sila ng Diyos Espiritu bilang isang prenda, sa gayon ay ipinamamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang mga mananampalataya para sa pagbubuo ng ekklesia, na siyang Katawan ni Kristo, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat—bb. 3-14, 18-23:

1. Inihahayag ng kapitulo 1 ng Efeso ang bunga ng pamamahagi ng naprosesong Trinidad at ng paghahatid ng nangingibabaw na Kristo.
2. Isinasalita ng bunga ng pamamahagi ng Diyos Ama ang walang hanggang layunin ng Diyos (bb. 3-6), isinasalita ng bunga ng pamamahagi ng Diyos Anak ang pagsasakatuparan ng walang hanggang layunin ng Diyos (bb. 7-12), at isinasalita ng bunga ng pamamahagi ng Diyos Espiritu ang aplikasyon ng naisakatuparang layunin ng Diyos (bb. 13-14).
3. Yamang ang nangingibabawa na Kristo ay ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, kinapapalooban ng lahat ng mayamang pamamahagi ng Tres-unong Diyos ang Kanyang nangingibabaw na paghahatid; ang tatlong panig na pamamahagi ng Tres-unong Diyos ay kabilang sa paghahatid ng nangingibabaw na Kristo at nakukumpleto at napasusukdol sa nagpapaloob ng lahat na paghahatid ng nangingibabaw na Kristo—bb. 15-23.

B. Ipinakikita sa atin ng kapitulo 2 na sa Dibinong Trinidad ang lahat ng mananampalataya, kapwa Hudyo at Hentil, ay may pagpasok tungo sa Diyos Ama sa pamamagitan ng Diyos Anak, sa loob ng Diyos Espiritu—b. 18:

1. Nagpapahiwatig ito na ang tatlo ay magkakasabay na umiiral at nananahan sa isa't isa nang sabay-sabay, kahit pagkatapos ng lahat ng proseso ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli.
2. Sa pamamagitan ng Diyos Anak, na siyang Tagapagsakatuparan, ang kaparaanan, at sa loob ng Diyos Espiritu, na siyang Tagapagpatupad, ang aplikasyon, tayo ay may pagpasok tungo sa Diyos Ama, na siyang Tagapagsimula, ang pinagmumulan ng ating pagtatamasa.
3. Tayo ay isang tula na isinulat sa pamamagitan ng pamamahagi ng Ama bilang pinagmumulan, ng Anak bilang kaparaanan, at ng Espiritu bilang pagdaloy—b. 10.
4. Ang pamamahagi ng Ama upang ibunga ang obramaestra, ang pamamahagi ng Anak upang ibunga ang bagong tao, at ang pagdadala sa atin ng Espiritu tungo sa Ama sa isang Katawan ay nagreresulta sa pagtatayo ng ekklesia at sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—bb. 10, 15-16, 21-22.

C. Sa kapitulo 3, nananalangin ang apostol na pagkalooban ng Diyos Ama ang mga mananampalataya na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Diyos Espiritu tungo sa kanilang panloob na tao upang si Kristo, ang Diyos Anak, ay makagawa ng Kanyang tahanan sa kanilang mga puso, yaon ay, maokupahan ang kanilang buong katauhan, upang sila ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Tres-unong Diyos; ito ang rurok ng karanasan at pakikilahok ng mga mananampalataya sa Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad—bb. 16-19:
1. Ang Ama ang pinagmumulan, ang Espirtiu ang kaparaanan, ang Anak ang tuon, at ang kapuspusan ng Tres-unong Diyos ang kinalabasan.
2. Bawat isa sa tatlo ay hindi kumikilos para sa Kanyang sarili kundi para sa kapuspusan ng Tres-unong Diyos; isa itong magandang larawan ng Dibinong Trinidad—cf. Mat. 12:28.

D. Inilalarawan sa Efeso 4 kung paano naihahalo ang naprosesong Diyos bilang ang Espiritu, ang Panginoon, at ang Ama sa Katawan ni Kristo upang maranasan ng lahat ng sangkap ng Katawan ang Dibinong Trinidad—bb. 4-6:
1. Ang Katawan ni Kristo ay ang kinasasaklawan para sa pag-unlad ng Tre-unong Diyos.
2. Ang dibinong pamamahagi ng Diyos Ama sa Kanyang pagiging nasa ibabaw ng lahat, ng Anak sa Kanyang pagiging sa pamamagitan ng lahat, at ng Espiritu sa Kanyang pagiging nasa lahat ang nagbibigay-kakayahan sa lahat ng sangkap ng Katawan ni Kristo na maranasan at matamasa ang Tres-unong Diyos.
3. Ang mga bersikulong ito ay naghahayag ng apat na persona—ang isang Katawan, isang Espiritu, isang Panginoon, at isang Diyos Ama—na magkasamang naihalo bilang isang entidad upang maging organikong Katawan ni Kristo; sa gayon, ang Tres-unong Diyos at ang Katawan ay apat-sa-isa.

E. Hinihikayat ng kapitulo 5 ang mga mananampalataya na purihin ang Panginoon, ang Diyos Anak, sa pamamagitan ng mga awit ng Diyos Espiritu, at magpasalamat sa pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo, ang Diyos Anak, sa Diyos Ama—bb. 19-20:
1. Ito ay ang purihin at pasalamatan ang naprosesong Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad para sa ating pagtatamasa sa Kanya bilang Tres-unong Diyos.
2. Sa pamamagitan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad, tayo ay nabubuoan bilang mga anak ng Diyos, lumalakad sa Diyos bilang pag-ibig at liwanag—bb. 2, 8.

F. Tinatagubilinan tayo ng kapitulo 6 na makipagbaka sa espiritwal na digmaan sa pamamagitan ng pagiging napalakas sa Panginoon, ang Diyos Anak, ibinibihis ang buong kutamaya ng Diyos Ama, at ginagamit ang tabak ng Espiritu—bb. 10-11, 17:
1. Ang Diyos Anak ay ang kapangyarihan sa loob natin, ang Diyos Ama na naisarealidad sa Anak ay ang kutamaya natin, at ang Diyos Espiritu ay ang tabak, na siyang ang salita ng Diyos.
2. Ito ang karanasan at pagtatamasa ng mga mananampalataya sa Tres-unong Diyos kahit sa espiritwal na digmaan.

**IV. Ayon sa buong pahayag ng animnapu't anim na aklat ng Biblia, ang Dibinong Trinidad—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—ay para sa pamamahagi ng Diyos, yaon ay, para sa pamimigay ng Diyos tungo sa Kanyang piniling bayan; ang Diyos ay tres-uno upang Kanyang maipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin, maisagawa ang Kanyang sarili tungo sa atin, upang matamasa natin nang sa gayon ay maitayo tayo upang maging Katawan ni Kristo at maihanda upang maging kasintahang babae ni Kristo para sa Kanyang ikalawang pagdating kapag ang kaharian ng sanlibutan ay naging ang kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo upang Siya ay maghari magpakailanpaman—Apoc. 11:15.**

*© 2022 Living Stream Ministry*